*** Complimentary copy

TOMO 11 BILANG 11 | ISSN NO. 2599-5405 | NOBYEMBRE 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kuwentong Tagumpay Page 2

BUKAS para sa LAHAT CARD INDOGROSIR Page 3

FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4



## CMDI BAY CAMPUS, MAG-AALOK NG BACHELOR OF SCIENCE IN CRIMINOLOGY SA ACADEMIC YEAR 2025-2026

ni Harlene Joy Reyes




*Sa darating na Academic Year 2025-2026, mag-aalok na ang CMDI Bay Main Campus sa Tranca, Bay, Laguna ng bagong kurso na Bachelor of Science in Criminology, na idaragdag sa mga kasalukuyang programang Bachelor of Science in Entrepreneurship, Accountancy, Accounting Information Systems, Tourism Management, at Information Systems.*

Ipinahayag ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ang pag-aalok nito ng bagong kursong Bachelor of Science in Criminology simula sa Academic Year 2025-2026. Ang kursong ito ay magiging bukas sa *main campus* nito sa CMDI Bay sa Brgy. Tranca Bay, Laguna.

Ang CMDI ay ang *learning institute* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na nag-aalok ng dekalidad na edukasyon para sa komunidad. Sa pamamagitan ng *training programs, academic programs,* at *digital education initiatives,* layunin ng CMDI na mas mapabuti ang kaalaman at kakayahan ng lahat.

"Mula sa pagpapalawak ng aming mga *campus*, layunin naming higit pang paunlarin ang aming serbisyo sa edukasyon upang mas mapabuti at mahasa ang bawat mag-aaral sa iba't ibang larangan. Nananatili kaming nakatuon sa aming adhikain na maging tulay para sa bawat indibidwal na may pangarap. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahusay na pasilidad at dekalidad ngunit abot-kayang edukasyon, nais naming maging katuwang ng bawat estudyante sa kanilang paglalakbay tungo sa tagumpay," ayon kay CMDI President Dr. Edzel A. Ramos.

Ang kursong Bachelor of Science in Criminology ay idinisenyo upang magbigay ng makabuluhang pagsasanay na naghahanda sa mga mag-aaral bilang responsableng katuwang sa pagpapanatili ng kaayusan at katarungan sa kanilang komunidad. Sa programang ito, binibigyang-diin ng CMDI ang edukasyong may puso at malasakit—hindi lamang sa teknikal na aspeto kundi sa paghubog ng mga indibidwal na may malasakit sa kapwa at kabutihan ng lipunan.

Bukod sa Criminology, ang CMDI Bay Campus ay kasalukuyang nag-aalok ng iba't ibang kurso tulad ng Bachelor of Science in

### KOA-PINYON:

Ang pagbubukas ng kursong Criminology sa CMDI ay isang hakbang tungo sa paghubog ng mga susunod na lider na may malasakit sa katarungan, kaayusan ng lipunan, at sa pagtulong sa paglaban sa kahirapan.



## CARD MRI, NAGSAGAWA NG PANAGHIUSA SA LAGUNA

ni Edrian Banania




*Sa pabisita ng media practitioners mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao, mas naging malalim ang pag-unawa nila kung paano ginagawa ng CARD MRI ang pagsugpo sa kahirapan sa pamamagitan ng pagbisita sa iba pa nitong institusyon.*

Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang Panaghiusa: A CARD MRI Exposure Tour Program sa San Pablo City, Laguna, noong Oktubre 23-25, 2024. Ang programang ito ay naglalayong ibahagi sa *media practitioners* ang mga inisyatibo ng CARD MRI at ng buong *microfinance industry* sa paglaban sa kahirapan sa Pilipinas.

P2

## SINEMAYA CINEMA TOUR, NAGTUNGO SA DAVAO CITY

ni Josephine Ramos




*Matagumpay na ginanap ang SineMaya Cinema Tour ng CARD MRI sa SM Cinema - Lanang, Davao City noong Oktubre 26, 2024. Tampok sa event ang mga natatanging pelikula mula sa mga kliyente ng microfinance institutions, na nagbahagi ng kanilang mga kuwento ng talento, tagumpay, at pag-asa.*

Muling isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang *cinema tour* ng SineMaya 2023, ang kauna-unahang *community short film festival* para sa komunidad ng *microfinance industry*, sa SM Cinema - Lanang Davao City noong Oktubre 26, 2024.

Itinatag noong 2022, ang SineMaya ay binuo upang maipakilala ang mga natatanging talento ng mga kliyente at kawani ng *microfinance institutions* sa larangan ng paggawa ng pelikula. Sa pangunguna ng Bente Productions, ang *media production company* ng CARD MRI, layunin ng programang ibahagi ang mga kuwentong pag-asa at tagumpay

P2

## CMDI BAY CAMPUS, MAG-AALOK ... P1

Entrepreneurship, Accountancy, Accounting Information Systems, Tourism Management, at Information Systems. Mayroon din silang apat pang mga *campus* na matatagpuan sa Tagum City, Buenavista sa Agusan del Norte, at San Pablo City, Laguna.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang CMDI *website* sa https://cmdi.edu.ph/ o ang kanilang *Facebook page* na @cmdibaymainofficial.

## SINEMAYA CINEMA TOUR ... P1

ng mga kliyente, naglalayong magbigay ng inspirasyon sa mga manonood sa pamamagitan ng sining ng pelikula.

"Ang mga kuwento ng ating mga kliyente ay nagbibigay inspirasyon sa CARD MRI upang patuloy na lumikha ng mga produkto at serbisyong susuporta sa kanilang pag-unlad. Naniniwala kami na bawat kuwento ay may kakayahang magdulot ng positibong pagbabago sa ating komunidad, kaya mahalaga ang pagpapalaganap nito hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa," ani Marilyn Manila, Presidente ng Bente Productions.

Dinaluhan ng 535 katao mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Tagum Campus, at iba pang *microfinance institution* ang naturang *event*. Nabigyan sila ng pagkakataong mapanood ang mga obra ng kliyente mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa, na nagpakita ng kanilang husay at talento sa paggawa ng pelikula sa SineMaya 2023.

Tampok sa *cinema tour* ang walong pelikula mula sa *finalists*, kabilang ang mga sumusunod: Letra ng CARD, Inc.; Isang Libong Hakbang Para sa Pangarap ng CARD Bank; Dahon ng Pag-asa ng CARD RBI; Pangandoy ng CARD SME Bank; Balo ng ASA Philippines; Pagbangon ng Api ng SEDP-Simbag sa Pag-asenso; Bunga ng Pagsisikap ng People's Alternative Livelihood Microfinance Foundation of Sorsogon, Inc. (PALMFSI); at Kami ay Babae, Hindi Babae Lang ng Negros Women for Tomorrow Foundation, Inc. (NWTF).

"Isang malaking karangalan para sa amin na maging tulay sa pagpapakita ng mga natatanging talento ng mga kliyente ng *microfinance institutions* sa Pilipinas. Layunin naming patuloy silang mahubog sa kanilang pagkamalikhain at husay sa pamamagitan ng paggawa ng pelikula. Mahalaga ring maipakita ang mga kuwento ng pag-asa at tagumpay ng ating mga kliyente upang magsilbing inspirasyon sa iba na patuloy na mangarap at magsikap sa kabila ng mga hamon sa buhay," ani CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle Alip.

Ito ang ikatlong *cinema tour* na isinagawa ngayong taon, matapos ang mga *screening* sa Sorsogon at Bacolod. Patuloy namang pinalawak ang SineMaya 2024 hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na rin sa mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asya.

Magkakaroon ang SineMaya 2024 ng 16 na *finalist* mula sa iba't ibang organisasyon, at ipalalabas ang kanilang mga pelikula sa Cebu, Manila, at Gensan ngayong Nobyembre.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa SineMaya *cinema tour* at SineMaya 2024 *community film festival*, bisitahin ang @BenteProdOfficial sa Facebook.

## CARD MRI, NAGSAGAWA ... P1

Sa pangunguna ng CARD MRI Publishing House, Inc., ang *communication arm* ng CARD MRI, nagtipon-tipon ang *media practitioners* mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao upang bigyan sila ng mas malalim na kaalaman at karanasan tungkol sa mga produkto at programang inaalok ng CARD MRI bilang isang *social development organization*, na naglalayong tumulong sa mga miyembro, kliyente, at kanilang komunidad na makamit ang pag-unlad at pagpapabuti sa kanilang kabuhayan.

Binisita ng *media practitioners* ang iba't ibang institusyon ng CARD MRI, kabilang ang CARD Clinics, CARD Indogrosir Shopping Mart, Mga Likha ni Inay Coffee Shop, at ang CARD-MRI Development Institute (CMDI) Main Campus. Ang mga institusyong ito ay nagbibigay ng mahahalagang serbisyo sa larangan ng kalusugan, kabuhayan, at edukasyon, na nagsisilbing tulong sa mga miyembro, kliyente, at komunidad upang mapabuti ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at maisulong ang kanilang pag-unlad.

Tampok din sa programa ang Lagos and Bayong Tour na pinangunahan ng CARD MRI Hijos Tours, ang *tour company* ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng *tour* na ito, ipinakita ang mayamang kasaysayan ng San Pablo City at ang husay ng mga lokal na residente sa kanilang mga negosyo, na patunay sa dedikasyon ng CARD MRI na mapalakas at mapaunlad ang mga komunidad. Kabilang sa mga binisita ay ang Piñana, Nidora Ube Halaya, Jaritos Buko Pie, at mga lawa ng San Pablo tulad ng Mohicap at Sampaloc.

"Isang pangunahing layunin ng CARD MRI ang makipagtulungan sa mga indibidwal at organisasyong may kaparehong pananaw upang sama-samang isulong ang laban kontra kahirapan. Kinikilala rin namin ang mahalagang papel ng *media* sa pagpapalaganap ng impormasyon at mensahe ng pag-asa at pag-unlad, na naglalayong maabot ang mas maraming pamilya at komunidad," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Sa pagtatapos ng programa, isinagawa ang *soft launching* ng Gintong Tambuli Awards, na nakatakdang ganapin sa taong 2025. Layunin ng Gintong Tambuli na kilalanin at parangalan ang masigasig na suporta at dedikasyon ng *media partners* na nakikiisa sa misyon at adbokasiya ng CARD MRI sa paglaban sa kahirapan. Ang parangal na ito ay magsisilbing pagkilala sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa pagsulong ng mga programang nagtataguyod ng pag-unlad at pag-asa sa mga komunidad.

Dinaluhan ang programa ng 15 *media professionals* mula sa iba't ibang bahagi ng bansa, kabilang sina Ivy Tejano ng Mindanao Journal, Mariela Angella Oladives ng Daily Guardian, Emmanuel Lumanao ng People's Guardian, Dexter Perez ng MindaNet News, Jun Aguirre ng Boracay Island News, Irene Gonzales ng Pilipino Mirror, Andres "Andy" Macatangay ng The Wednesday Herald, Adan Petilla ng Tribune Post, Christian Coliat ng Ang Dyaryo Natin, Khayla Anne J. Carabio ng Laguna Courier, Dante Abrera ng Isyu Balita, Webster Ace Paginag ng Press N Picks News, Madeliene Marasigan ng Rapids Journal, at Alejandro Sasan Villagorda P3

# KUWENTONG TAGUMPAY

## PAGHAHABI NG MATATAG NA KINABUKASAN

*nina Mary Rose Javier at Arjay Dequito*



*Masayang ipinakita nina Susana Grabilo at ng kanyang asawa ang kanilang handcrafted bags. Ang mga bag na ito ay simbolo ng kanilang pag-asa at katatagan sa kabila ng mga pagsubok na kanilang hinarap upang makamit ang mas matatag na kinabukasan.*

Mula pagkabata, tumutulong na si Susana Grabillo sa paghahanapbuhay ng kanyang pamilya sa Basey, Samar. Kasama ang kanyang ina sa Saob Cave, naghahabi sila ng banig habang ang kanyang ama naman ay nangingisda. Dahil dito, maaga niyang natutuhan ang paghahabi at patuloy na pinahusay ang kanyang kasanayan.

Bukod sa paghahabi, tumutulong din si Susana sa pagtitinda ng prutas para makabili ng gamit sa eskwela. Noong 1979, lumipat ang kanilang pamilya sa Maynila at nagpatuloy sa kanilang pagsusumikap. Pagtitinda ng itlog ang kanilang pangunahing pangkabuhayan hanggang sa magtapos si Susana ng high school. Noong 1994, kumuha siya ng kurso sa pananahi at nakapagtapos, na naging daan sa kanyang mga pangarap.

"Pinagbutihan ko ang aking pag-aaral at pagpapahusay ng aking kakayahan at kaalaman sa pananahi dahil malaki ang pangarap ko para sa aking pamilya. Alam kong sa pamamagitan ng marami pa akong mapagtatagumpayan," ani Susana.

Matapos makuha ang kanyang sertipiko, nagtrabaho si Susana sa isang pabrika sa Taguig at kalaunan ay nagtahi ng damit ng manika sa Makati. Dito niya nakilala ang kanyang asawa, isang *tricycle driver*. Ikinasal sila noong 1996 at bumalik sa Samar noong 2001, kung saan nagsimula sila ng negosyong babuyan gamit ang hiniram na PhP 1,500 mula sa kanyang bayaw.

Ngunit dahil sa mga pagsubok sa pag-aalaga ng baboy, lumipat si Susana sa pagtitinda ng *pancakes* at *ice candy*. Sa kalaunan, nagdesisyon siyang gamitin ang kanyang kaalaman sa paghahabi at sinimulan ang paggawa ng tsinelas at *coin purse* mula sa damo ng tikog sa halagang PhP 700. Unti-unti, natutuhan din ng kanyang asawa ang proseso ng paghahabi, kaya't nadagdagan ang kanilang mga produkto tulad ng bag, basket, at banig.

"Ang aking asawa ang naging katuwang ko sa negosyo. Siya ang nagdidisenyo ng mga produkto, at ako naman ang naghahanap ng paraan para maisakatuparan ang mga ito. Sa aming pagtutulungan, napalawak namin ang aming kakayahan sa paghahabi," pagbabahagi ni Susana.

Sa kasamaang palad, sinalanta ng Bagyong Yolanda ang kanilang negosyo at bahay noong 2013. Sa kabila ng hamon, nakatanggap sila ng tulong mula sa isang Non-Government Organization (NGO) at CARD Bank, isang *microfinance oriented rural bank*.

Sa tulong ng CARD, unti-unting bumangon ang kanilang negosyo at nakahanap sila ng mga mamimili mula sa Maynila, Davao, at Cebu. Naging aktibo rin sila sa *trade fairs,* kung saan patuloy nilang ipinakikilala ang kanilang mga produkto.

"Bago pa man dumating ang Bagyong Yolanda, ang CARD ay laging nakaalalay sa aming negosyo. Madalas akong kumuha ng *loan* para makatulong sa aming puhunan. Pagkatapos ng Yolanda, muli akong kumuha ng *loan* upang makabili ng mga materyales at muling makapagsimula," ani Susana.

Hindi rin naapektuhan ng pandemya noong 2020 ang kanilang negosyo dahil sa tuloy-tuloy na suporta ng kanilang mga mamimili. Dahil dito, naipatayo nila ang kanilang bagong bahay at patuloy na lumago ang kanilang negosyo.

Sa kasalukuyan, suplayer na rin sina Susana ng Mga Likha Ni Inay, isang institusyon ng CARD MRI na sumusuporta sa mga lokal na produkto ng mga kliyente nito.

"Lubos ang aming pasasalamat sa mga institusyong bumubuo ng CARD MRI. Kung wala ang kanilang mga serbisyo, hindi namin mapananatili ang aming negosyo. Nagbukas sila ng mas malaking oportunidad para sa amin," pahayag ni Susana.

Para kay Susana, ang pag-asa at katatagan sa harap ng mga pagsubok ang susi sa tagumpay. Patuloy siyang nagsusumikap at nangangarap na lalo pang palawakin ang kanyang negosyo at higit pang paghusayin ang kanyang kakayahan sa pananahi upang makamit ang mas matatag na kinabukasan.

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD INDOGROSIR, NAGBUKAS NG BAGONG SANGAY SA QUEZON AT BATANGAS PARA SA DEKALIDAD AT ABOT-KAYANG PRODUKTO

*ni Harlene Joy Reyes*

Inilunsad ng CARD Indogrosir ang tatlong bagong sangay nito sa Pagbilao at Lucban sa Quezon, at sa Tanauan, Batangas noong Oktubre 1, 4, at 22. Ang mga sangay na ito ay nakatuon sa pagpapalakas ng suporta para sa mga may-ari ng sari-sari *store* at sa lokal na komunidad.

Sa pakikipagtulungan ng CARD MRI at Salim Group ng Indonesia, patuloy na pinalalawak ng CARD Indogrosir ang kanilang serbisyo upang maghatid ng abot-kayang mga produkto. Kasama sa pagbubukas ng mga bagong sangay ay ang pagkakaroon ng *sales caravan*, pamamahagi ng mga *freebie* at papremyo na nagdala ng kasiyahan sa mga tao sa komunidad.

Ang CARD Indogrosir ay bukas para sa lahat, maging kliyente man ng CARD MRI o hindi. Matatagpuan ang mga bagong sangay nito sa mga sumusunod na lokasyon: Maharlika Highway, Brgy. Bukal, Pagbilao, Quezon; Purok 2, Brgy. Talaga, Tanauan, Batangas; at 121 A. Racelis Ave., Lucban, Quezon.

# ANNIVERSARYO SERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

## CMPMI, IPINAGDIWANG ANG IKAWALONG TAON SA SERBISYO

*ni Harlene Joy Reyes*

CARD MRI PROPERTY MANAGEMENT INC.

Ipinagdiwang ng CARD MRI Property Management Inc. (CMPMI) ang ikawalong anibersaryo nito sa matagumpay na pagtatayo at pamamahala ng mga pasilidad ng CARD MRI noong Nobyembre 10, 2024.

Ang CMPMI ay bahagi ng CARD MRI na may mahalagang tungkulin sa pangangalaga at pagbibigay ng seguridad sa mga gusali at estruktura ng organisasyon. Sa pamamagitan ng mahusay na pamamahala ng mga gusali at pasilidad, tinitiyak ng CMPMI na ligtas at maayos ang mga ito, na nagiging daan para sa patuloy na paglago ng CARD MRI at mas mahusay na serbisyo para sa mga kliyente nito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CMPMI at sa mga serbisyo nito, bisitahin ang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/property/.

## KOA KAFE: PAGPAPAUNLAD NG MGA MAMBABASA SA DAVAO CITY

*ni Harlene Joy Reyes*




*Buong interes na binasa ng mga kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ang Sulong, ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI, sa matagumpay na Koa Kafe na pop-up event ginanap sa Davao City.*

Muling isinagawa ng CARD MRI Publishing House, Inc. ang Koa Kafe, isang *pop-up event* na naglalayong palakasin ang kultura ng pagbabasa para sa mga kliyente ng CARD MRI at kanilang mga anak. Ito ay ginanap noong Oktubre 24 at 25, 2024, sa Calinan, Davao City.

Ang Koa Kafe ay hango sa pangalan ng *mascot* ng CARD MRI Publishing House, si 'Koa' – isang kuwago na simbolo ng karunungan at malalim na pag-unawa—mga katangiang isinusulong ng institusyon at ng CARD MRI upang itaguyod ang kahalagahan ng pagbabasa sa mga komunidad ng CARD MRI. Layunin ng aktibidad na ito na itaas ang kamalayan sa edukasyon at palakasin ang kaalaman ng mga Pilipino.

"Naniniwala ang CARD Publishing na ang mga positibong kuwento at impormasyon ay may kapangyarihang magpabago ng buhay ng mga mambabasa. Kaya't mahalaga na patuloy nating isulong at pagyamanin ang kaalaman ng kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon. Sa ganitong paraan, mas magiging handa sila sa pagharap sa mga hamon ng buhay, taglay ang pag-asa at tagumpay," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Kasama sa programa, nagsagawa ng *storytelling session* ang Koa Squad para sa mga anak ng mga kliyente ng CARD Bank, Inc. at CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Sa *storytelling*, 30 mga bata mula sa mga *unit* ng Marilog at Tugbok ang aktibong lumahok sa mga aktibidad tulad ng pagkukulay at pagbabasa ng kuwentong 'Ang Magic Alkansya ni Carding,' na nagtuturo ng kahalagahan ng pag-iimpok. Bawat bata ay nakatanggap ng Koa Kit na naglalaman ng *notebook*, lapis, krayola, pambura, at mga aklat tulad ng 'Ang Magic Alkansya ni Carding' at *coloring book* na 'Si Ellie at ang Ibon Siwit'. Dagdag pa rito, nakatanggap din ang mga bata ng Koa *Coin Bank* na gawa mula sa *recycled paper* bilang bahagi ng *sustainability efforts* ng CARD MRI.

Samantala, ginanap ang Koa Kafe sa CARD, Inc. Calinan 1 Unit na dinaluhan ng halos 40 mga kliyente at kawani ng institusyon. Layunin ng Koa Kafe na hikayatin ang mga nanay na ipagpatuloy ang pagbabasa ng mga kuwento at inspirasyong makatutulong sa kanilang pag-unlad.

Aktibong nakibahagi ang mga nanay sa mga aktibidad at palaro na inihanda ng *Koa Squad* para sa kanila. Buong interes nilang binasa ang mga impormasyon mula sa Sulong: Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI, habang tinatangkilik ang libreng kape, *calamansi juice*, at Indomie mula sa Mga Likha ni Inay. Bilang bahagi ng programa, nakatanggap din sila ng kopya ng librong "History of San Pablo: Reviewed, Rewritten, and Retold" at Indomie *noodles* na kanilang inuwi sa kanilang mga tahanan.

"Asahan ninyong patuloy na maglalakbay si Koa sa iba't ibang panig ng bansa upang maging bahagi na ng kultura ng bawat Pilipino ang pagbabasa, na magsisilbing daan sa mas malalim na kaalaman at mas maliwanag na kinabukasan," pagtatapos ni Manila.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD Publishing at sa susunod na pag-ikot ng Koa Kafe, bisitahin ang kanilang Facebook *page* sa PublishingHouseInc at ang kanilang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/publishinghouse/.




## CARD MRI, NAGSAGAWA ... P2

Jr. ng Southern Tagalog Herald News.

Ito ang ika limang Panaghiusa ng CARD Publishing ngayong taon, at magpapatuloy ito sa mga susunod na taon upang makipagtulungan sa *media practitioners* sa pagpapalaganap ng mga positibong kuwento at impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon at upang malaman ang mga detalye tungkol sa susunod na Panaghiusa, bisitahin ang opisyal na *website* ng CARD Publishing sa https://www.cardmri.com/publishinghouse/ at ang kanilang *Facebook page* sa @PublishingHouseInc.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Mary Rose A. Javier
Josephine M. Ramos
Writers

Arjay Dequito
Contributor




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*




## PAGGAWA NG MALINAMNAM NA UBE HALAYA: HALINA'T ALAMIN ITO MULA KAY NANAY TEODORA

Isa sa mga tanyag na *delicacy* ng San Pablo City, Laguna ay ang Ube Halaya, isang tradisyonal na pagkaing Pilipino na gawa sa nilaga at dinurog na ube. Kabilang sa mga gumagawa nito ay si Teodora Calingacion, isang kliyente ng CARD Bank, Inc. at isa ring negosyante mula sa San Pablo. Noong 2016, sinimulan ni Nanay Teodora, kasama ang kanyang asawa, ang paggawa at pagbebenta ng Ube Halaya. Dahil alam niyang mahilig ang mga Pilipino sa matatamis, patuloy niyang pinaghusay at pinasarap ang kanilang produkto. Ngayon, tanyag na ang kanilang Ube Halaya, lalo na tuwing panahon ng kapistahan, tulad ng Pasko at Bagong Taon, at ito ay malaking tulong sa kanilang kabuhayan.

Mula kay Nanay Teodora, narito ang mga hakbang para makagawa ng malinamnam na Ube Halaya:

**Mga Sangkap at Materyales na Kailangan:**

- Ube
- Kamoteng Kahoy
- Mantikilya
- *Condensed Milk*
- Asukal
- *Purple Food Color*
- Salaan
- Talyase
- Sandok
- Batya
- *Plastic Wrap*

**Proseso na Kailangan:**

1. Balatan at hugasan ang ube at kamoteng kahoy. Pakuluin ang mga ito sa tubig hanggang lumambot.
2. Kapag malambot na, ilipat ang ube at kamoteng kahoy sa malaking talyase at durugin gamit ang sandok.
3. Gumamit ng salaan upang alisin ang ubod at matigas na bahagi ng kamoteng kahoy.
4. Ihanda ang malaking talsaye at painitin ito sa katamtamang init. Kapag mainit na, idagdag ang mantikilya.
5. Habang natutunaw ang mantikilya, idagdag ang durugin na ube at kamoteng kahoy, at haluin hanggang maghalo nang maayos ang mga sangkap.
6. Ilagay ang asukal at patuloy na haluin upang matunaw at maiwasang masunog.
7. Ilagay ang *condensed milk* habang patuloy na hinahalo.
8. Kapag naging makapal na ang *mixture*, idagdag ang *purple food color* habang patuloy na hinahalo upang magpantay ang kulay.
9. Huwag kalimutang hinaan ang apoy pagkatapos ilagay ang *food color* upang maiwasang masunog.
10. Para malaman kung luto na ang ube, maglagay ng kaunting ube sa *plastic* at tusukin. Kapag kumapit pa ang ube sa *plastic*, hindi pa ito luto. Kapag hindi na kumapit, luto na ito.
11. Kapag nakuha na ang tamang *consistency* at luto na, ilipat ito sa batya upang palamigin. Maaaring gumamit ng malakas na *electric fan* para mapabilis ang proseso, na karaniwang umaabot ng 20 minuto.
12. Kapag malamig na, maaari nang hiwa-hiwain sa gustong laki at balutin ito sa *plastic wrap*.
13. I-enjoy ang Ube Halaya bilang panghimagas o bilang *side dish* sa iba pang mga pagkain.

**Tip mula kay Nanay Teodora:** Patuloy na haluin ang ube habang niluluto upang maiwasan ang pagkasunog at mapanatili ang makinis na *texture* nito.


# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kuwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 11 at manalo ng **PhP 100.00 load** via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala via private message sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng iyong buong pangalan, pangalan ng CARD center, institusyon, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **Disyembre 31, 2024** at sila ang makatatanggap ng papremyo.




**Pababa:**

1. Ito ay isang programa ng CARD MRI na naglalayong ibahagi sa media practitioners ang mahalagang kontribusyon ng microfinance institutions sa paglaban ng kahirapan sa Pilipinas.
2. Ito ay isang institusyon na bahagi ng CARD MRI na responsable sa pangangalaga at seguridad ng mga pasilidad ng grupo. Layunin nitong palawakin ang mga oportunidad sa negosyo, hindi lang sa Pilipinas kundi pati sa mga lugar kung saan may operasyon ng CARD MRI.
4. Ito ay isa sa sa mga tanyag na delicacy ng San Pablo City, Laguna at isang tradisyonal na pagkaing Pilipino na gawa sa nilaga at dinurog na ube. Kabilang sa mga gumagawa nito ay si Teodora Calingacion, isang kliyente ng CARD Bank, Inc. at isa ring negosyante mula sa San Pablo.
6. Ito ang hanapbuhay nina Susana Grabillo sa Saob Cave, Basey, Samar kasama ang kanyang ina.
7. Inilunsad ng CARD Indogrosir ang tatlo nitong bagong mga sangay sa lalawigan ng Quezon sa Pagbilao at Lucban, at sa ________, Batangas noong Oktubre 1, 4, at 22, 2024.

**Pahalang:**

3. Ipinahayag ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ang pag-aalok nito ng bagong kursong Bachelor of Science in _________ para sa academic year 2025-2026.
5. Ito ay ang learning institute ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na nag-aalok ng dekalidad na edukasyon para komunidad.
8. Ito ay ang kauna-unahang community short film festival para sa mga komunidad ng microfinance industry na itinatag ng CARD MRI noong 2022, upang ipakilala ang mga talento ng mga kliyente ng microfinance institutions sa larangan ng paggawa ng pelikula.
9. Ano ang pangalan ng mascot ng CARD MRI Publishing House na isang kuwago kung saan hango ang isang ang pop-up event ng nito.

# SULONG COMICS

